
菲律賓他加祿文 Tagalog

# Tulong para sa mga may Anak na may Edad Pang-Kindergarten



# Nilalaman


| | | |
|---|---|---|
| | Paunang Salita | 2 |
| Kabanata 1 | Gaano Mo Kaalam Ang Tungkol sa Pag-unlad ng Bata | 4 |
| Kabanata 2 | Paano Tulungan ang Inyong Anak na Lumaki ng Masaya | 10 |
| Kabanata 3 | Ano ang Mabuting Kindergarten | 18 |
| Kabanata 4 | Paano Matutulungan ng Magulang ang mga Anak na Maka-angkop sa Buhay Paaralan | 26 |
| Kabanata 5 | Pagtutulungan ng Tahanan-Paaralan sa Pangangalaga ng Bagong Henerasyon | 34 |
| Kabanata 6 | Paunlarin ang Potensyal ng Bata sa Pamamagitan ng Komprehensibo at Kaaya-ayang Karanasan ng Pagkatuto | 38 |
| Apendiks 1 | Mga Samahang Pang-serbisyo sa Bata | 44 |
| Apendiks 2 | Pangrehiyong Opisina ng Edukasyon ng Kawanihan ng Edukasyon | 48 |
| Apendiks 3 | Libreng Kalidad na Edukasyon sa Kindergarten | 50 |
| Apendiks 4 | Gabay sa Kurikulum ng Edukasyon sa Kindergarten | 51 |




## Paunang Salita

**Sa pamilya natin unang natatanggap ang edukasyon sa ating buhay. Ang mga magulang ay gumaganap ng mahalagang papel sa pag-unlad at pag-aaral ng kanilang mga anak. Ang Kawanihan ng Edukasyon (EDB) ay nagnanais na maipahatid sa lahat ng mga magulang ang mga sumusunod na mensahe:**

1. Sa pamilya nagsisimula ang edukasyon. Ang mga magulang ang una at pinakamahalagang guro ng kanilang mga anak;
2. Upang maalagaan ang mga bata, ang mga kindergarten ay tiyak na may ginagampanang mahalagang tungkulin, ngunit kailanman ay hindi nito mapapalitan ang edukasyong pampamilya.









Nais naming gamitin ang pagkakataong ito upang mabigyang-pansin ng mga magulang ang mga mensahe at ang mga kakayahan upang maka-angkop sa kanilang mga anak. Ang mga magulang at mga paaralan ay dapat na magtulungan upang makamit ang pangkalahatang layunin na mapaglaanan ang kanilang mga anak ng panghabangbuhay na pundasyon sa pag-aaral. Ito ay maaaring matamo sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga bata ng kasiya-siya at sari-saring karanasan sa buhay na tutugon sa kanilang pangangailangan sa pag-unlad nang sa gayon ay lumalim ang kanilang hilig sa pag-aaral at matulungan sila na magkaroon ng magandang buhay.

Ang pagkalinga sa mga bata ay likas na tungkulin ng mga magulang, at ang pagiging magulang ay isang sining. Taos puso naming hinahangad na ang mga magulang ay magsigasig na lumahok sa pagtitiyak sa malusog at masayang pag-unlad ng mga bata. Ang mga pampublikong pananaw sa libritong ito ay malugod na tinatanggap. Pakipadala ang inyong mga kuru-kuro sa Kindergarten Inspection Section, Education Bureau, Wu Chung House, 213 Queen's Road East, Wan Chai, Hong Kong.



# Gaano Mo Kaalam Ang Tungkol sa **Pag-unlad** ng Bata





## Alam mo ba ang tungkol sa mga bata sa kindergarten?

**Ating pakinggan ang kanilang sinasabi:**

- Sa mga unang taon, ang aking katawan ay mabilis lumaki. Kinailangan kong mag-ehersisyo ng marami upang matutunan ang pagkakatugma ng galaw ng katawan at maunawaan ang iba't-ibang konsepto ng espasyo tulad ng taas at baba, malayo at malapit. Nahilig ako sa pagtakbo, pagtalon, pag-akyat, pamimisikleta at kung anu-ano pa. Pakiusap lang, hayaan ninyo akong magkaroon ng sapat ng pisikal na gawain araw-araw upang ako ay lumaking mataas at malakas.

- Nang umabot ako sa tatlong taon, hindi ko mahawakan ang lapis nang maayos upang sumulat at gumuhit. Kinailangan ko ng maraming pagkakataon na magpinta ng malaya at maglaro ng mga laro na maghahanda sa akin sa pagsulat tulad ng Play-Doh, bead-threading at iba pa. Sa pagitan ng edad na apat at lima, mas kontrolado ko na ang aking mga daliri at lapis. Naging mahusay na rin ang aking koordinasyon. Naging handa na ako sa pagsusulat.

- Kinailangan kong maglaro ng mga laruan ng madalas upang maensayo ang aking kasanayan sa paggalaw. Nakatutuwang maglaro ng mga laruan. Nakatulong din iyon sa pag-unlad ng aking pag-iisip. May ilang mga laruan, gaya ng mga bloke at Play-Doh, na nagpapalaya sa aking pagkamalikhain. Ang paglalaro ng tubig at buhangin ay nagpapahinahon sa aking damdamin. Ang pag-aaral sa pamamagitan ng laro ay nakapagbibigay sa akin ng kawili-wiling karanasan sa pag-aaral at nakatutulong sa akin na mag-isip ng mabilis at matuto ng mas mahusay!

- Nang ako'y unang pumasok ng kindergarten, maiikling parirala lamang ang aking kayang bigkasin. Gusto kong kinakausap ang aking sarili at ginagaya ang sinasabi ng mga matatanda. Sa kindergarten, natuto ako sa pamamagitan ng mga laro at mga gawain tulad ng pagsasadula at larong mapanlikha. Ang aking husay sa wika ay umunlad sa pagdaan ng mga taon. Hindi nagtagal, ako ay nakapagsasalita na nang mas epektibo sa pamamagitan ng paggamit ng langkapang pangungusap at mahirap unawaing talasalitaan!



- Sa pagkakatanggap sa kindergarten, nakatutok pa ako sa aking sarili at hindi pa kayang umintindi ng paningin o pananaw ng iba. Ang pakikipaglaro sa ibang mga bata ay nakatulong sa akin na matutunan ang tamang pakikisalamuha sa iba. Gayundin, ako ay nagkaroon ng mas mabuting pagpipigil sa sarili at natutong sumunod sa mga alituntunin kapag bahagi ako ng isang grupo.
- Naibigan ko ang musika at madalas ay kumikilos ayon dito. Sa kindergarten, nagkaroon ako ng mas maraming pagkakataon na kumanta, umindayog at maglaro ng mga larong may tugtugin kasama ang ibang mga bata. Ito ay nakatulong sa akin na gamitin ang aking talino sa musika, linangin ang aking hilig sa musika, at itaguyod ang aking imahinasyon!
- Naibigan ko ang sining at mga trabahong pangkamay. Sa kindergarten, hinayaan ako ng mga guro na magmasid, gumuhit, magsaliksik at lumikha gamit ang iba't-ibang kasangkapang pangsining. Lumawak ang aking pang-unawa sa mga bagay sa aking paligid, at ito ay nakatulong sa aking pag-intindi at pagpapahalaga. Unti-unti, ako ay nakaguhit ng mga payak na larawan tulad ng mga tao, bahay, eroplano at iba pa. Kaya ko na ring gamitin ang aking imahinasyon para ipahayag ang aking sarili at lumikha ng sariling guhit-kamay.
- Bago pumasok sa kindergarten, kinailangan ko ang tulong ng nakakatanda sa akin sa pag-aasikaso sa pagkain, pagbibihis at pag-iimis ng gamit. Sa kindergarten, natuto akong kumain, maghugas ng kamay, magpunas ng bibig at pumunta sa kasilyas ng mag-isa. Tatay at Nanay, pakiusap, bigyan ninyo ako ng maraming pagkakataon na sumubok para mas maalagaan ko ang aking sarili at magsanay ng mabuting kalinisang pangkatawan.
- Sa maagang mga taon, natuto ako mula sa karanasan sa totoong buhay. Ginamit ko ang aking mga pandama para saliksikin ang mga bagay sa aking paligid, halimbawa, pagmamasid gamit ang aking mga mata, paghawak at paggamit ng mga bagay gamit ang aking mga kamay at iba pa. Sa una, hinuhusgahan ko ang mga bagay ayon sa intuwisyon. Habang mas lumalawak ang aking karanasan sa pakikipag-ugnayan sa iba, naging mas kauna-unawa ang dati'y mahirap unawain na lohika at mga konsepto tulad ng mga salita at simbulo.

### Dapat tandaan ng mga magulang na:

**Ang paglaki at pag-unlad ay magkakatulad sa lahat ng bata, ngunit ang bawat isa ay lumalaki sa kanyang sariling bilis. Sapagkat natatangi ang bawat bata, huwag ikumpara ang mga bata sa isa't-isa.**





# Paano **Tulungan** ang Inyong Anak na Lumaki ng Masaya



Ang malusog at masayang paglaki ay nagtataglay ng balanseng pag-unlad sa larangang pangkatawan, kaisipan at damdamin.

## Alagaan ang kalusugang pangkatawan ng inyong mga anak

- Sanayin sila sa kagawian ng pagtulog at paggising nang maaga
- Tiyakin na mayroon silang sapat na tulog
- Turuan sila ng tamang posisyon sa pag-upo at pagtayo
- Palawakin ang kanilang kamalayan sa kalinisang pangkatawan
- Bigyan sila ng sariwa at balanseng pagkain









- Bigyan sila ng sapat na oras sa pagkain
- Tulungan silang magtatag ng mabuting pag-uugali sa pagkain, tulad ng:
  - ➢ pagpapanatili ng balanseng pagkain
  - ➢ pagkain ng katamtaman sa wastong oras
  - ➢ pag-iwas sa pagkain ng meryenda
  - ➢ paghuhugas ng mga kamay bago kumain
  - ➢ pag-iwas sa pag-aaksaya ng pagkain
- Mag-ingat at siguraduhin ang kaligtasan sa tahanan at sa kapaligiran
  - ➢ tukuyin ang mga posibleng panganib sa kapaligiran sa antas ng bata
- Tulungan silang pangalagaan ang sarili, halimbawa, pagsusuot ng damit, pagsisinop ng gamit, at iba pa, upang mapalago sa kanila ang koordinasyon at kakayahang alagaan ang sarili
- Hayaan silang magkaroon ng pisikal na aktibidad

## Padaluyin ang pagpapaunlad ng karunungan ng mga bata

- Maglaan ng maraming panahon na makipag-usap sa inyong mga anak. Gumamit ng bukas na katanungan upang malaya silang makapagpahayag ng sariling opinion
- Pakinggan sila nang buong tiyaga at sikaping maunawaan ang kanilang kaisipan at pakiramdam
- Bigyan ang inyong mga anak ng angkop na gabay at palakasin ang kanilang loob na magbahagi ng kanilang araw-araw na karanasan
- Regular na bisitahin ang aklatan kasama ang inyong mga anak, sama-samang magbasa ng libro upang pagyamanin ang kanilang interes sa pagbabasa
- Hayaan silang makinig nang madalas sa musika. Makatutulong ito para sa kanilang imahinasyon, konsentrasyon at damdamin
- Maglaan ng higit na oras upang makipaglaro sa inyong mga anak
  - ➢ hayaan silang manguna at iwasan ang pagbibigay ng maraming paghihigpit at alituntunin upang mapayabong ang kanilang pagkamalikhain at imahinasyon
- Pangkalahatang mga gabay kung paano pipili ng laruan para sa inyong mga anak:
  - ➢ piliin ang angkop sa kanilang kakayanan
  - ➢ piliin ang angkop sa kanilang interes o kagustuhan
  - ➢ iwasan ang mga matutulis o matatalas na bagay o maliliit na bahagi, at tiyaking ligtas ang mga materyales nito
  - ➢ gumamit ng sari-sari o malayang materyales upang maipamalas ang kanilang pagkamalikhain



  - ➢ gamitin ang mga gamit sa bahay o mag-recycle ng mga produkto upang lumikha ng sarili ninyong laruan
- Habang naglalaro ng laruan ang inyong mga anak, bigyang-pansin ang mga sumusunod:
  - ➢ iwasan ang pagbibigay sa kanila ng maraming laruan sa isang pagkakataon
  - ➢ himukin silang magsinop o maglinis matapos maglaro
  - ➢ turuan silang pagyamanin ang kanilang mga laruan at hindi magtapon pagkatanggap ng bagong laruan
- Pumili ng programa sa telebisyon at laro sa computer na angkop sa inyong mga anak. Sama-samang manood ng TV at magpaliwanag kung kinakailangan. Turuan sila ng tamang paraan sa pangangalaga ng paningin habang nanonood ng TV o sa paggamit ng computer
- Dalhin ang anak sa pagbisita ng mga pagtatanghal upang pagyamanin ang karanasan nila sa buhay. Talakayin sa kanila ang mga kaugnay na paksa upang mapalawak ang kanilang pangkalahatang kaalaman

## Pagmalasakitan ang pagpapaunlad ng emosyon at ugaling-asal ng inyong mga anak

- Lahat ng bata ay nangangailangan ng pagmamahal at suporta. Kailangan mong tanggapin ang kanilang sariling katangian at magbigay ng tukoy at angkop na pagpapasikhay. Tulungan silang mabuo ang kumpyansa sa sarili
- Kailangang igalang ang mga bata bago nila matutunan na gumalang sa iba. Pakinggan ang kanilang sinasabi, sikaping maunawaan at kilalanin ang kanilang damdamin. Nakatutulong ito sa mga bata na mabuo ang kanilang pagpapahalaga sa sarili
- Mahilig manggaya ng iba ang mga bata. Kailangang maging mabuting huwaran ang matatanda sa kanila. Tandaan, mas malakas ang sinasabi ng inyong aksyon kaysa salita
- Ang magandang ugnayan at pagkakasundo sa pamilya ay nagbibigay sa bata ng pakiramdam ng seguridad. Ang mga batang lumaki sa mapagkalingang kapaligiran ay mas malaki ang posibilidad na maging matibay ang damdamin
- Karaniwang naka-uunawa ang mga bata ng bagay nang bahagya. Kailangan mo silang gabayan nang buong tiyaga sa kung ano ang maaari nilang magawa at paano ito magagawa nang tama. Kailangang malinaw at tiyak ang mga tagubilin, halimbawa, “Pakibalik ang mga laruan sa basket” sa halip na “Huwag mong ilagay kung-saan-saan ang mga laruan”
- Ang pagpapalayaw sa inyong mga anak o kawalan ng renda ay makapipigil sa pag-unlad ng kanilang konsepto ng tama at mali. Kapag naging mapanganib ang kanilang asal, mapanira o mapaminsala, kailangan mo silang kagyat na pigilin
- Tukuyin ang kapilyuhan sa halip na pulaan nang personal ang mga bata, halimbawa, sabihing “Alam kong hindi ka masaya, ngunit hindi tama na pagbuntunan mo ng galit ang plorera” sa halip na “Wala kang pakundangang bata”



- Maaring di ka sang-ayon sa asal ng inyong anak, subalit masusubukan mo ring kilalanin ang kanilang damdamin
- Himukin ang inyong mga anak na sabihin ang kanilang pakiramdam sa pamamagitan ng salita sa halip na ibaling sa pagiging magagalitin, mapanira, mapaminsala o agresibong asal
- Maglatag ng mga angkop na kaiga-igayang aktibidad at laro upang maipahayag ng bata ang kanilang damdamin. Halimbawa, dalhin sila sa parke upang magtatakbo at magtatalon nang buong laya
- Bigyan ang inyong mga anak ng kalayaang pumili ng maliliit na bagay. Halimbawa, hayaan silang pumili ng kulay ng damit, mararamdaman nila sa gayon na sila ay iginagalang at masisiyahan sa kanilang kasarinlan

## Dapat tandaan ng mga magulang na:

**Habang lumalaki ang inyong mga anak, makakaranas sila ng mga problema kaugnay sa pagkatuto o pakikibagay sa sitwasyon sa buhay. Karamihan sa mga ito ay hindi seryoso o pangmatagalan. Maaari silang maglabas kung handa kang maglaan ng oras at pagsisikhay upang makapagbigay sa kanila ng angkop at napapanahong tulong. Hindi ka dapat masyadong mag-alala, sa halip, magkaroon ng positibo at mapagtanggap na asal sa pamamagitan ng pag-ugnay sa principal, guro o kaugnay na propesyonal (tingnan ang Apendiks 1) habang maaga. Magkakasabay, masusuri ninyo ang mga solusyon kung saan maitataguyod ang malusog at masayang pag-unlad ng inyong mga anak.**

Kabanata 3



# Ano ang Mabuting Kindergarten



## Kapaligiran at Pasilidad

- Ligtas at malinis na kapaligirang pisikal
- Malawak na lugar-laruan
- Sari-saring laruan at rekurso sa pagkatuto
- Komprehensibong pasilidad sa pagtuturo upang matugunan ang pangangailangan ng mga bata
- Kapaligirang nakapagpapasigla ng pagkatuto







## Pamamahala ng paaralan

- Tumalima sa mga panununtunan ng *Ordinansa sa Edukasyon* at *Alituntunin sa Edukasyon (Education Ordinance* and *Education Regulations)*
- Ipaskil ang katibayan ng rehistrasyon sa lugar na madaling makita sa loob ng paaralan
- Ipakita ang pinahintulutang akomodasyon ng silid-aralan sa mga madaling makitang lugar sa bawat silid-aralan
- Maglaan ng mga magtuturo ayon sa *Alituntunin sa Edukasyon (Education Regulations)*
- Isaayos ang pagkain at transportasyon ng bata
- Maging malinaw. Magbigay sa publiko ng impormasyon tungkol sa pamamalakad ng paaralan, pagpapaunlad at plano sa hinaharap

## Misyon ng Paaralan

- Iayon sa kaunlarang panlipunan at
- Kilalanin ng magulang



## Mithiin ng Kurikulum

- Naaayon sa patakaran ng pangunahing edukasyon sa Hong Kong at mga katangian ng pag-unlad ng bata
- Pagtataguyod ng positibong asal sa pagkatuto at pagkakaroon ng magandang gawi ng mga bata
- Kalingain ang mga bata upang marating ang kabuuan at balansyadong pag-unlad

## Nilalaman ng Kurikulum

- Magbuo ng mga aktibidad na nakasentro sa pagkatuto ng mga bata batay sa kanilang abilidad, interes at pangangailangan
- Hayaan ang mga bata na matuto ng masaya sa pamamagitan ng laro at aktibidad
- Magbigay ng mga aktibidad na makapagpapaunlad sa kasanayang panlipunan at pagkamalikhain ng bata
- Maglapat ng sapat na musika at pisikal na aktibidad para sa mga bata araw-araw

## Pagkatuto at Pagtuturo

- Kailangang maranasan ng mga guro ang propesyonal na kaalaman at pag-uugali
- Kailangang palakaibigan at matiyaga ang mga guro, at kayang magtatag ng magandang ugnayan sa mga bata
- Bigyan ang mga bata ng sapat na oras upang piliin ang sarili nilang gawain araw-araw upang mapagyaman ang kanilang kakayahang matutong mag-isa
- Dapat igalang ng mga guro ang indibidwal na pagkakaiba
- Dapat matutunan ng guro ang epektibong paggamit ng mga sulok ng pag-aaral at materyales sa paglalaro
- Ang mga takdang aralin ay dapat angkop sa dami at pagkakaiba sa nilalaman upang tumugma sa abilidad ng mga bata



## Pagtatasa para sa pagkatuto

- Ang pagtatasa ay dapat iugnay sa mga prinsipyo ng pagpapaunlad ng bata. Huwag umasa na ang lahat ng bata sa parehong antas ay makakamit ang parehong pamantayan ng pagsasagawa, at huwag silang ikumpara sa isa't-isa.
- Ang pagtatasa ay dapat ayon sa tuloy-tuloy na talaan ng pagmamasid ng paggampan ng bata at pagsulong nito sa iba't-ibang aspeto. Hindi dapat gamitin sa pagtatasa ang pagdidikta, pagsubok at pagsusulit.
- Ibilang ang mga magulang sa proseso ng pagtatasa. Halimbawa, imbitahin sila upang magbigay ng impormasyon kaugnay sa paggampan ng kanilang mga anak sa tahanan para pagsanggunian ng paaralan.

**Inilathala ng Kawanihan ng Edukasyon ang *Profile of Kindergartens and Kindergarten-cum-Child Care Centres* tuwing taon para sa mga magulang sa pagpili ng kindergarten o sentro sa pangangalaga ng bata para sa kanilang anak. Kasama sa impormasyon sa profile ang background ng paaralan, katangian, bayarin, katangian ng mga tauhan, impormasyon sa kurikulum, bilang ng magaaral, proporsyon ng guro at mag-aaral, pasilidad ng paaralan atbp. Ang impormasyon ay matatagpuan sa Rehiyonal na Opisina ng Edukasyon (Regional Education Offices) ng EDB, Sentro ng Serbisyo sa Pampublikong Katanungan (Public Enquiry Service Centres) ng Kagawaran ng Kapakanan ng Tahanan (Home Affairs Department), Sentrong Pangkalusugan ng Ina at Anak (Maternal and Child Health Centres) ng Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health), Sentro sa Pangkabuuang Serbisyong Pampamilya (Integrated Family Service Centres) ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan (Social Welfare Department), at pampublikong aklatan. Maaari ring galugarin ng mga magulang ang sumusunod na mga lugar sa Internet: http://www.edb.gov.hk o http://www.chsc.hk/kindergarten/**





# Paano **Matutulungan** ng Magulang ang mga Anak na Maka-angkop sa Buhay Paaralan



# Paano Matutulungan ng Magulang ang mga Anak na Maka-angkop sa Buhay Paaralan



**Ang pag-aaral sa kindergarten ay ang simula ng bagong yugto ng mga bata. Napakahalaga na ang paaralan at magulang ay nagtutulungan upang alalayan ang mga bata na maka-angkop sa buhay paaralan. Bago pa man at habang nasa panimulang yugto ng pagpasok sa paaralan, matutulungan mo silang maihanda sa buhay paaralan sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan:**

- Sa bahay, bigyan ninyo ang mga bata ng pagkakataon na mapaunlad ang kanilang kakayahang matulungan ang sarili, gaya ng:
  - ➢ Pagsusuot ng damit: pagbutones, pagsara ng zipper, pagtatali ng sapatos
  - ➢ Pagsisinop ng mga bagay
  - ➢ Pagpupunas ng pawis at pagpunas ng sipon
  - ➢ Tamang asal sa hapag-kainan
  - ➢ Pagsasanay sa banyo



- Sa araw-araw na buhay, bigyan ang inyong anak ng pagkakataon na matutunan ang:
  - ➢ Pakikinig ng mabuti
  - ➢ Pagsagot sa
  - ➢ Pagpapahayag ng kanilang kailangan
  - ➢ Pakikihalubilo sa kapwa
- Ang magulang, kasama ang kanilang mga anak, ay dumadalo sa "Araw ng Oryentasyon" o "Linggo ng Oryentasyon," gayundin sa mga aktibidad upang maka-angkop at maging pamilyar sa bagong guro at kapaligiran bago pa man magsimula ang pag-aaral.



- Ipakilala sa inyong mga anak ang bagong kapaligiran sa pamamagitan ng paglalakad sa paligid kasama sila
- Gabayan ang inyong anak na subukang gamitin ang pasilidad ng paaralan
- Ipaliwanag ang kaayusan ng paghahatid at pagsundo sa inyong mga anak at paalalahanan sila ng mga hakbang pangkaligtasan. Ipangako sa kanila na sila ay susunduin pagkatapos ng iskwela upang matulungan silang makaramdam ng seguridad
- Himukin ang inyong mga anak na makihalubilo sa kanilang kaiskwela. Subukan ninyong makipagkilala rin sa ibang magulang kasabay nito
- Panatilihin ang mahigpit na ugnayan sa mga guro ng inyong mga anak
- Tulungan ninyong makaramdam ng seguridad ang inyong anak sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanila araw-araw, pagbabahagi ng kanilang pakiramdam at kaisipan tungkol sa kanilang buhay-paaralan at paglilinaw ng kanilang pagdududa kung mayroon man. Makatutulong itong matulungan silang malampasan ng maayos ang panahon ng pag-angkop









## Unawain ang mga kahirapan na hinaharap ng mga bata sa pag-angkop sa buhay kindergarten

- Maaaring matagpuan ng mga bata ang sarili nila na naninibago sa ilang sitwasyon sa simula ng buhay iskwela, tulad ng:
  - ➢ Pagkalayo sa tahanan
  - ➢ Pagkahiwalay sa mga magulang
  - ➢ Pagkasadlak sa ‘di-pamilyar na lugar
  - ➢ Napipilitang makisama sa mga ‘di-pamilyar na tao (guro at iba pang mga bata)
  - ➢ Pagkasadlak sa isang mas malaking ispasyo
  - ➢ Pangangailangang sumunod sa iskedyul

- Maaaring umakto ang mga bata ng kakaiba sa simula ng pagpasok, kagaya ng:
  - Labis na pagkapit at pagpapakita ng labis na pagsandig sa magulang
  - Pagkaramdam ng labis na pagkapagod
  - Madaling magalit
  - Madalas na pagsipsip ng daliri
  - Pag-ihi sa kama na walang malinaw na dahilan

Ang lahat ng mga ito ay pansamantala lamang habang ang inyong anak ay hindi pa nakaka-angkop sa bagong kapaligiran. Hindi ninyo kailangang labis na mag-alala dahil ang inyong mga anak ay dahan-dahan ding makaka-angkop sa bagong kapaligiran sa pangangalaga at gabay ninyo at ng paaralan.

- Kung, sa kabila ng lahat ng paghahanda, hindi pa rin tumitigil sa pag-iyak ang inyong anak at takot pa ring pumasok sa paaralan:
  - Huwag labis na mag-alala sapagkat iba-iba talaga ang pag-angkop ng mga bata sa bagong kapaligiran
  - Huwag takutin o suhulan ang bata upang ayusin ang kilos niya
  - Aluin sila ng malumanay at ipagkatiwala sila sa kalinga ng kanilang mga guro
  - Bigyan sila ng dagdag na panahon upang maka-angkop sa buhay-iskwelahan
  - Magbigay ng angkop na suporta at bigyang-lakas at pagbahaginin ng kanilang buhay-paaralan
  - Panatilihin ang malapit na ugnayan sa mga guro, kung kailangan, upang maunawaan ang asal ng mga bata sa paaralan at makipag-ugnayan sa kanila para sa kapakanan ng mga bata







Kabanata 5



# Pagtutulungan ng Tahanan-Paaralan sa **Pangangalaga** ng Bagong Henerasyon



# Pagtutulungan ng Tahanan-Paaralan sa Pangangalaga ng Bagong Henerasyon

**Magkatuwang ang mga magulang at mga paaralan. Upang matiyak ang maayos na pag-unlad ng mga bata, kailangan ng paaralan ang suporta at tulong ng mga magulang. Sa gayon, ang malapit na ugnayan ng tahanan-paaralan ay nararapat maitatag upang maunawaan ng mga magulang ang paggampan ng mga bata sa paaralan, na siya rin namang nagpapahigpit ng koordinasyon sa pagitan ng dalawang partido. Ang aktibong pakikilahok ng mga magulang ay maaaring magpasulong sa synergy ng pagtutulungan ng tahanan-paaralan:**

- Bisitahin ang paaralan upang mas higit na maintindihan ang kapaligiran nito at ang kaayusan ng kurikulum
- Obserbahan kung paano natututo ang mga bata sa paaralan
- Unawain ang katangian ng pagkatuto at pag-unlad ng bata. Huwag hilingin sa paaralan na magbigay ng gawaing pagsusulat sa napakaagang panahon o tasahin ang kaalaman ng inyong anak gamit ang hindi angkop na panukat tulad ng pagdidikta, pagsubok at pagsusulit/eksaminasyon





- Makibahagi sa mga aktibidad ng mga magulang na inorganisa ng paaralan gaya ng asosasyon ng magulang at guro, pang-edukasyong seminar, aktibidad ng magulang at anak, at pagboluntaryo bilang katuwang na magulang
- Panatilihin ang malapit na ugnayan sa mga guro upang maunawaan ang araw-araw na karanasan ng inyong anak sa paaralan
- Basahin ang impormasyon na nakalagay sa handbook ng mga magulang at paunawa na inilabas ng paaralan. Gumamit ng mga newsletter para sa mga magulang at handbook para sa mga bata, at iba pa para makipag-usap sa paaralan kung kinakailangan
- Kung ang inyong mga anak ay allergic sa ilang klase ng pagkain, temperature, pang-araw-araw na gamit o maging laruan, mangyaring ipagbigay-alam sa paaralan upang mabigyan ng karampatang pag-aayos
- Gamitin ang mga daluyan ng komunikasyon na ibinibigay ng paaralan. Magbigay ng positibong feedback at puna upang mapadaloy ang pagpapaunlad ng paaralan



# Paunlarin ang Potensyal ng Bata sa Pamamagitan ng **Komprehensibo** at Kaaya-ayang Karanasan ng Pagkatuto



# Paunlarin ang Potensyal ng Bata sa Pamamagitan ng Komprehensibo at Kaaya-ayang Karanasan ng Pagkatuto

**Ang dekalidad na maagang edukasyong pambata ay naglalayong kalingain ang mga bata upang makamit nila ang balanseng paglago sa larangan ng etika, talino, tikas ng katawan, kasanayang panlipunan at pagka-malikhain, at upang pagyamanin ang pag-unlad ng kabuuan ng kanilang pagkatao.**

**Upang makamit ang mga mithiin ng dekalidad na maagang edukasyong pambata, mahalaga ang laro at makabuluhang aktibidad. Ang maaliwalas at kasiya-siyang kapaligiran sa pagkatuto ay makapagpapaunlad sa potensyal ng bata, makapaglilinang ng kanilang interes na matuto at matulungan silang lumaking malusog at masaya.**

## Ang Dekalidad na Kindergarten ay:

- Hindi dapat nagpapatibay ng kurikulum na hindi umaangkop sa abilidad ng mga bata
- Hindi dapat hinihingi sa bata ang gawaing pagsusulat sa antas ng nursery
- Hindi dapat magbigay ng napakaraming gawaing-bahay
- Hindi dapat magtalaga ng paulit-ulit na gawaing-pagkopya
- Umiiwas sa mga ehersisyong pang-aritmetika para lamang sa layunin ng pagsasanay
- Umiiwas sa mekanikal na ehersisyo sa computer
- Umiiwas sa paulit-ulit na pagkopya o paulit-ulit na pagsaulo ng bokabularyong Ingles
- Hindi gumagamit ng pagdidikta, pagsubok at pagsusulit bilang paraan sa pagtatasa

Ang mga gawain na nabanggit sa itaas ay makapipigil sa interes ng bata na matuto at makasasagabal sa kanilang pagkamalikhain.



## Dapat palakasin ng magulang ang loob ng kanilang anak na:

- Magkaroon ng mapagtanong na kaisipan
- Mapagsiyasat
- Gamitin ang kanilang pagkamalikhain at imahinasyon
- Mabuo ang magandang gawi sa pagbabasa
- Magkaroon ng kumpyansa sa pagpapahayag ng kanilang pakiramdam at pananaw
- Mabuo ang kanilang interes sa pagkatuto na siyang naglalatag ng pundasyon sa panghabambuhay na pagkatuto

Kabanata 6

# Paunlarin ang Potensyal ng Bata sa Pamamagitan ng Komprehensibo at Kaaya-ayang Karanasan ng Pagkatuto


## Paano mahalin ang inyong anak

Lahat ng magulang ay mahal ang kanilang anak. Gayunpaman, ang kailangan ng mga anak ay pagmamahal at hindi para palayawin. Ang pagmamahal ng magulang ay mahalagang sangkap para sa mga anak at pinaka-importanteng pundasyon sa pananatili ng relasyon sa pagitan ng magulang at anak. Bawat bata ay natatangi sa kanilang tikas ng katawan, husay, pagkatao at hilig o interes. Dapat maunawaan at matanggap ng mga magulang ang pagkakaiba ng kanilang mga anak at magkaroon ng naaangkop na ekspektasyon sa kanilang mga anak.

Ang buhay mismo ay proseso ng pagtutol. Ang mga bata ay kailangang matuto sa pagsubok at pagkakamali sa kanilang pag-unlad. Dapat tukuyin ng mga magulang ang kapilyuhan ng mga anak, hindi sila mismo, at maibigay ang matiyagang paggabay. Magbigay ng tukoy na pagpapalakas-loob kapag ang mga anak ay nakakagampan nang mahusay sa pamamagitan ng pagpuri sa kanilang pagsisikap at konsentrasyon. Kapag nakakaharap ng sagabal ang mga bata, dapat bigyan ng magulang ang kanilang mga anak ng suporta at lakas ng loob. Dagdag pa, dapat maglaan ang mga magulang ng oras para makipaglaro sa mga anak araw-araw, makipag-usap sa kanila, making sa kanilang sasabihin at maki-isang loob sa kanilang pakiramdam at emosyon.

Sa pagdisiplina sa mga anak, hindi dapat pabagu-bago ang mga magulang sa kanilang pamamaraan at saloobin. Ang kanilang pagkilos ay kailangang naayon sa kanilang pananalita. Dapat silang maging magandang halimbawa sa kanilang mga anak. Dapat ding makipagtulungan ang mga magulang sa mga guro upang matulungan ang mga bata na bumuo ng magandang gawi at lumaking malusog at masaya.





## Ilang mga gabay sa "paano mahalin ang inyong anak" na maaaring pagsanggunian ng magulang:

Mahalin ang inyong mga anak ngunit iwasang palayawin sila

Magkaroon ng makatotohanang ekspektasyon sa kakayahan ng mga anak

Magpakita ng malasakit sa kanilang kapakanang pisikal at sikolohikal

Makibahagi sa kanilang tuwa at kalungkutan

Panatilihin ang pang-araw-araw na komunikasyon sa inyong mga anak

Maging matiyaga kapag nagkakamali ang mga anak

Magpakita ng magandang huwaran sa inyong mga anak

Magbigay ng maraming pagpapalakas-loob at papuri

Magbigay lamang ng angkop na disiplina upang ituwid ang kapilyuhan

Panatilihin ang magandang kooperasyon sa pagitan ng tahanan at paaralan

**Nagbibigay ng propesyonal na suportang serbisyo ang mga sumusunod:**

1. Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health)
   Bilang ng Telepono: 2961 8989 / 2961 8991

2. Sentro sa Pagtatasang Bata, Kagawaran ng Kalusugan (Child Assessment Centres, Department of Health)
   - Fanling Child Assessment Centre
     Bilang ng Telepono: 2639 1402
   - Pamela Youde Child Assessment Centre (Shatin)
     Bilang ng Telepono: 2210 1600
   - Tuen Mun Child Assessment Centre
     Bilang ng Telepono: 2468 5261
   - Ha Kwai Chung Child Assessment Centre
     Bilang ng Telepono: 3651 5600
   - Central Kowloon Child Assessment Centre
     Bilang ng Telepono: 2246 6633
   - Pamela Youde Child Assessment Centre (Kwun Tong)
     Bilang ng Telepono: 2727 8474
     2727 8475
   - Ngau Tau Kok Child Assessment Centre
     Bilang ng Telepono: 2921 1028



3. Serbisyong Pampamilyang Kalusugan, Kagawaran ng Kalusugan (Family Health Service, Department of Health)
   Bilang ng Telepono: 2961 8855
   2112 9900 (24-oras na Sistema sa Awtomatikong Pagtatanong sa Telepono)

4. Sangay sa Serbisyong Pampamilya at Sentro sa Pangkabuuang Serbisyong Pampamilya, Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan (Integrated Family Services and Integrated Family Service Centres, Social Welfare Department)
   Bilang ng Teleponong Pang-kagipitan: 2343 2255

5. Laban sa Pang-aabuso ng Bata (Against Child Abuse)
   - Head Office
     Bilang ng Telepono: 3542 5722
   - Chuk Yuen Centre
     Bilang ng Telepono: 2351 6060
   - Tuen Mun Centre
     Bilang ng Telepono: 2450 2244
   - Kwai Chung Centre
     Bilang ng Telepono: 2915 0607
   - Bilang ng Teleponong Pang-kagipitan: 2755 1122

6. **Ang Konseho ng Hong Kong sa Serbisyong Panlipunan - Pamilya at Komunida (The Hong Kong Council of Social Service - Family and Community Service)**
   Bilang ng Telepono: 2876 2421

7. **Konseho ng Hong Kong sa Maagang Pambatang Edukasyon at Serbisyo (Hong Kong Council of Early Childhood Education and Services)**
   Bilang ng Telepono: 2788 1666

8. **Kawanihan ng Edukasyon (Education Bureau)**
   Bilang ng Telepono: 2891 0088 (Pangkalahatang Katanungan)
   2832 7700 (Seksyon para sa Paglalaan ng Ispasyo sa Paaralan - Pagpasok sa Primaryang Baitang)

## Mga Telepono ng Ibang Samahan

1. **Lapian ng mga Samahan ng mga Batang Lalaki at Batang Babae sa Hong Kong (The Boys' and Girls' Clubs Association of Hong Kong)**
   Telepono para sa Magulang ng: 2866 6388

2. **Grupo ng Ospital ng Tung Wah (Tung Wah Group of Hospitals)**
   Telepono ng Pangangalagang Pambata: 2770 2262

3. **Panlipunang Serbisyo ng Hong Kong Lutheran (Hong Kong Lutheran Social Service)**
   Telepono ng Magulang na Lutheran: 3622 1111

## Iba pang mga Sanggunian

1. **Parent Education Information at Kindergarten Stage**
   Lugar sa Internet: https://www.edb.gov.hk/en/student-parents/parents-related/parent-info/index.html
2. **HKEdCity**
   Lugar sa Internet: https://www.edcity.hk

| Rehiyonal na Opisina ng Edukasyon sa Hong Kong (Hong Kong Regional Education Office) | Telepono |
|---|---|
| Enquiries | 2863 4646 |
| District School Development Sections | |
| Central & Western District | 2863 4678 |
| Wan Chai District | 2863 4626 |
| Hong Kong East District | 2863 4649 |
| Southern District | 2863 4664 |
| Islands District | 2863 4634 |

| Rehiyonal na Opisina ng Edukasyon sa Kowloon (Kowloon Regional Education Office) | |
|---|---|
| Enquiries | 3698 4108 |
| District School Development Sections | |
| Yau Tsim & Mong Kok District | 3698 4163 |
| Sham Shui Po District | 3698 4196 |
| Kowloon City District | 3698 4141 |
| Wong Tai Sin District | 3698 4219 |
| Kwun Tong District | 3698 4178 |
| Sai Kung District | 3698 4206 |

| Rehiyonal na Opsina ng Edukasyon Silangang Bagong Teritoryo (New Territories East Regional Education Office) | Telepono |
|---|---|
| Enquiries | 2639 4876 |
| District School Development Sections | |
| Sha Tin District | 2639 4857 |
| Tai Po District | 2639 4856 |
| North District | 2639 4858 |

| Rehiyonal na Opisina ng Edukasyon Kanluran ng Bagong Teritoryo (New Territories West Regional Education Office) | |
|---|---|
| Enquiries | 2437 7272 |
| District School Development Sections | |
| Kwai Chung & Tsing Yi District | 2437 5433 |
| Tsuen Wan District | 2437 5457 |
| Tuen Mun District | 2437 5483 |
| Yuen Long District | 2437 7217 |

## Libreng Kalidad na Edukasyon sa Kindergarten

Inilunsad ng Pamahalaan ang patakarang Libreng Kalidad na Edukasyon sa Kindergarten na may bisa umpisa sa taon ng paaralan 2017/2018. Ang layunin ng patakarang ito ay upang magbigay ng magandang kalidad at lubos na abot-kayang edukasyon sa kindergarten, at mapaghusay ang pag-access ng mga mag-aaral sa iba't-ibang serbisyo na naayon sa kanilang pangangailangan. Sa ilalim ng bagong patakaran, ang mga karapat-dapat na lokal na kindergarten na sasali sa libreng kalidad na edukasyon sa kindergarten ay mabibigyan ng pangunahing tulong ng salapi para sa panustos sa tatlong-taon na kalidad na kalahating araw na serbisyo para sa mga karapat-dapat na mag-aaral. Ang karagdagang tulong na salapi ay ibibigay para sa lumalahok na kindergarten na nagbibigay ng buong araw at mahabang buong araw na serbisyo upang ang mga magulang ay makapagbayad ng mas mababang matrikula.

Upang makasiguro na walang batang matatanggihan sa edukasyon sa kindergarten dahil sa kawalan ng kakayahan sa pananalapi, ang fee remission ay magpapatuloy pa rin sa ilalim ng umiiral na Kindergarten and Child Care Centre Fee Remission Scheme para sa mga nangangailangang pamilya kung saan maaring pumasa sa pinansyal na pagsusulit na ibibigay ng Student Finance Office of the Working Family and Student Financial Assistance Agency.

Ugnay sa Deretsahang Pag-uusap: 2802 2345





## Gabay sa Kurikulum ng Edukasyon sa Kindergarten

Sa taon ng paaralan 2017/2018, ang *Gabay sa Kurikulum ng Edukasyon sa Kindergarten* ay nilathala ng Curriculum Development Council. Ang nilalaman ng nasabing gabay ay sumasakop sa layunin at balangkas, pagpaplano ng kurikulum, pag-aaral at pagtuturo, pagsusuri, paglilingkod sa sari-saring uri ng mga bata, paghuhusay sa pag-aayos at hangganan sa pagitan ng kindergarten at edukasyong elementarya, pakikipagtulungan sa homeschooling at paggamit ng pag-aari ng komunidad, at propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Ang mga magulang ang nagsisilbing unang guro ng mga bata at dahil dito ay hinihikayat ng Pamahalaan ang mga magulang na magkaroon ng pag-unawa sa kindergarten kurikulum upang sila ay makiisa sa paaralan upang ang kanilang mga anak ay lumaking malusog at maligaya.

Ang *Gabay sa Kurikulum ng Edukasyon sa Kindergarten* ay maaring mabuksan at mabasa sa:
EDB website > Education System and Policy > Kindergarten Education > About Kindergarten Education > *Kindergarten Education Curriculum Guide*



# Tulong para sa mga may Anak na may Edad Pang-Kindergarten

Kawanihan ng Edukasyon

2017

Inilathala ng Departamento ng Lohistikong Gobyerno